# Sumali sa Kasiyahan!

**Ang Programa ng mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County** ay nagsusumikap para sa

**Malulusog na Bata, Mas Ligtas na mga Kalsada, Matatag na mga Komunidad.**

Nakikipagtulungan ang Programa ng mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County (SR2S) sa mga paaralan sa buong Alameda County para humikayat ng mga pagkakataon sa aktibong pagbiyahe na naaangkop sa inyong komunidad. Ginagawa namin ito sa pamamagitan ng:

- **Pagtuturo sa mga bata ng mga pangunahing paraan ng ligtas na paglalakad at pagbibisikleta.**
- **Ginagawang masaya ang paglalakad at pagbibisikleta papunta sa paaralan sa pamamagitan ng mga espesyal na event.**
- **Pag-aalok ng mga libreng serbisyo at programa na naaangkop sa iba't ibang antas ng baitang.**

## Mga magulang!

**Alam mo ba na mahigit 300 paaralan sa Alameda County ang kasali sa programa ng mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan?**

**Alamin kung paano namin ginagawang mas malusog at mas ligtas ang ating mga komunidad- at kung paano kayo makikibahagi.**




**Handa ka na bang magsimula?**



## Mga Aktibidad sa Buong Taon

Maging aktibo sa mga aktibidad ng SR2S bago, habang, at pagkatapos ng klase. Ang Programa ng SR2S ay nag-aalok ng mga sumusunod na serbisyo at aktibidad:

- **Sama-samang paglalakad at pagbibisikleta**
- **Libreng pagkukumpuni ng bisikleta**
- **Mga klase sa kaligtasan ng nagbibisikleta at naglalakad**
- **Mga aktibidad sa buong county na nagtataguyod ng partisipasyon**
- **Mga pagkakataon sa pamumuno para sa mga estudyante sa high school**
- **At marami pang iba!**

## Makibahagi!

**Para malaman ang tungkol sa mga paparating na event sa inyong paaralan** o kung paano madadala ang mga serbisyong pang-edukasyon at pangkaligtasan sa inyong paaralan, mag-email sa **info@alamedacountysr2s.org**

**Alamin pa ang tungkol sa aming mga gawain** at mag- sign up sa aming newsletter sa **alamedacountysr2s.org**

**I-follow kami sa social media!**

facebook.com/saferoutestoschool

@AlamedaCoSR2S

*I-scan ang QR code para mabasa ang tungkol sa Programa sa iba't ibang wika*

*Ang Programa ng mga Ligtas na Ruta Papuntang Paaralan ng Alameda County ay programa ng Komisyon sa Transportasyon ng Alameda County (alamedactc.org) at pinopondohan ng lokal na buwis sa pagbebenta ng Measure BB ng Alameda County, at ng mga pondong panrehiyon, pang-estado at pederal.*

ALAMEDA County Transportation Commission

Safe Routes to Schools

METROPOLITAN TRANSPORTATION COMMISSION